Mayor Joy B magiging abala sa labas ng opisina mula Agosto

Magiging abala na sa labas ng kanyang opisina si Quezon City Mayor Joy Belmonte mula sa susunod na buwan ng Agosto.

"By next week, makikita na ako ng mga taumbayan I will be going around, that's my promise to them. Don't worry, you'll see changes in the next 60 days" pahayag ni Belmonte.

Anya, sa unang buwan sa trabaho bilang alkalde ng QC, sinentro ang atensyon sa mga usaping panloob at inalam ang mga city department ang kailangang alisin at hindi kailangan sa trabaho.

"I wanted to do good housekeeping. Iyung tahanan na iniwan sa atin, medyo messy s'ya. Kinailangan ko lang talagang ayusin ang tahanan natin para siguraduhing tumatakbo siya nang maayos," paglilinaw ni Belmonte.

"Hindi naalala ng mga tao yata na iyung ibang local governments are much smaller than Quezon City. This is a marathon, not a sprint. Napakaimportante para sa akin na may maayos na plano tayo, we have full information, that we bring in the help of the stakeholders, the citizens, especially iyung barangay," sabi pa ni Belmonte.

SInabi rin ni Belmonte na siya ay magtatayo ng isang traffic management council upang gumawa ng isang strategy at magtatalaga ng isang taong regular na mag-a-update ng mga sitwasyon sa bawat lugar sa QC. *(Angie Dela Cruz)*